KAILAN AKO DAPAT MULING MAGPASURI PARA SA COVID-19?

Kung masusuri kang positibo sa COVID at susundin ang mga instruksiyon para sa pagbukod ng sarili (isolation), **hindi** mo kakailanganing masuri muli.



Gayunpaman, kung nasuri kang negatibo para sa COVID, **dapat** kang muling magpasuri kung:

1. kaw ay nagkaroon ng **malapit na kontak*** sa isang tao na kamakailang nasuring positibo para sa COVID.
2. Mayroon kang madalas na kontak sa publiko.
3. Mayroon kang madalas na kontak sa trabaho sa mga taong may COVID.
4. Kasalukuyan kang nakakaranas ng mga sintomas ng COVID:
    - Lagnat o Panginginig
    - Ubo
    - Kapos na paghinga o nahihirapang huminga
    - Pagkapagod
    - Mga pananakit ng kalamnan o katawan
    - Bagong pagkawala ng panlasa o pang-amoy
    - Pananakit ng lalamunan (sore throat)
    - Pagbabara ng ilong o tumutulong sipon
    - Nasusuka o pagsusuka
    - Pagtatae



*Ang **malapit na kontak** ay nangangahulugang ikaw ay nasa **6 na talampakan mula sa isang taong positibo sa COVID sa loob ng 15 minuto o mas matagal pa** (kasama rito ang maraming panandaliang oras sa parehong araw na magiging 15 minuto sa kabuuan). Maaari rin itong mangahulugan na nagkaroon ka ng mas maikling malaking pagkakalantad sa mga tumutulong likido ng katawan (droplets) ng taong positibo sa COVID. Halimbawa, direktang umubo sa iyo ang may sakit na tao.

Alameda County
Health Care Services Agency

Alameda County Public Health Department
Celebrating Healthy People in Healthy Communities

Colleen Chawla – Agency Director
Kimi Watkins-Tartt – Director
Nicholas Moss, MD – Interim Health Officer

Contact
Public Health Department:
(510) 267-8000 Main Line
COVID-19 Information:
(510) 268-2101
www.acphd.org